# Pagkilala sa mga Panukat ng Estado

California School DASHBOARD

Toolkit ng 2025 Dashboard

Ang Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ay isang online na tool na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahahalagang impormasyon tungkol sa transitional kindergarten hanggang ikalabindalawang baitang na mga paaralan at distrito. Nagtatampok ang Dashboard ng pitong mga panukat ng estado na nagbibigay ng mahalagang impormasyon kung paano pinaglilingkuran ng mga paaralan ang kanilang mga estudyante. Para sa impormasyon tungkol sa mga lokal na panukala, tingnan ang flyer na Pagkilala sa mga Lokal na Panukala na available sa California Department of Education (CDE) Dashboard Communications Toolkit web page.

Upang ma-access ang Dashboard, bisitahin ang Dashboard website.

## Akademiko

Ang mga Tagapagpahiwatig ng Akademiko ay naglalaman ng dalawang sukatan: English language arts/literacy at mathematics. Ipinapakita ng mga sukatan na ito kung gaano kahusay natutugunan ng mga estudyante ang mga pamantayan sa antas ng baitang. Batay ito sa pagganap ng estudyante sa Pangwakas na Pagtatasa ng Smarter Balanced at sa mga Pangkapalit na Pagtatasa ng California (CAAs), na kinukuha tuwing tagsibol ng mga estudyante sa baitang tatlo hanggang walo at baitang labing-isa.

## Paulit-ulit na Pagliban

Ipinapakita ng sukatan ng Paulit-ulit na Pagliban kung ilan sa mga estudyante ang nawala sa 10 porsyento o higit pa ng mga araw ng pagtuturo na inaasahan silang dumalo. Halimbawa, kung inaasahang dumalo ang isang estudyante sa 180 araw ng pagtuturo at siya ay nawala ng 18 araw o higit pa sa mga araw na iyon, ituturing ang estudyante na paulit-ulit na lumiliban. Napapalampas ng mga estudyanteng paulit-ulit na lumiliban ang mahahalagang tagubilin sa klase. Ang pagtatala ng impormasyong ito sa Dashboard ay nagbibigay-daan sa mga magulang at guro na malaman kung ang paulit-ulit na pagliban ay isang problema sa isang paaralan o sa buong distrito.

## Kolehiyo/Trabaho

Ipinapakita ng sukatan ng Kolehiyo/Trabaho kung gaano kahusay inihahanda ng mga lokal na ahensya ng edukasyon (LEAs) at mga paaralan ang mga nagtapos para sa kolehiyo at/o trabaho. Gumagamit ito ng iba't ibang sukatan para sa kolehiyo at trabaho, tulad ng pagkumpleto ng mga kurso at karanasan sa trabaho at resulta sa pagsusulit. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamantayan ng kahandaan sa Tagapagpahiwatig ng Kolehiyo/Trabaho (CCI), tingnan ang mga sumusunod na flyer sa CDE College/Career Indicator web page:

- Mga Sukatan ng CCI para sa Kahandaan sa Kolehiyo
- Mga Sukatan ng CCI para sa Kahandaan sa Trabaho

## Pag-unlad ng Nag-aaral ng Ingles

Ang kahusayan sa wikang Ingles ay unang hakbang para sa mga estudyante na magtagumpay sa iba pang asignatura tulad ng pagbasa, pagsusulat, mathematics, at science. Tinitingnan ng sukatan ng Pag-unlad ng Nag-aaral ng Ingles ang pagsulong ng mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles patungo sa pagkamit ng kahusayan sa Ingles. Tuwing tagsibol, kinukuha ng mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles ang Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa California (ELPAC), na sumusukat kung gaano kahusay nilang alam at naiintindihan ang Ingles. Ginagamit ang mga resulta mula sa ELPAC upang kalkulahin ang sukatan ng Pag-unlad ng Nag-aaral ng Ingles.

## Rate ng Pagtatapos

Kahit pa ang mga estudyante ay hindi magpapatuloy sa kolehiyo, ang diploma sa high school ang pinakamababang kinakailangan para sa karamihan ng mga entry-level na trabaho sa kasalukuyang ekonomiya. Ito ay kumakatawan sa kahusayan sa mga pangunahing kasanayan sa mathematics, pagbasa, pagsusulat, at pagkumpleto ng isang kurso ng pag-aaral. Ipinapakita ng sukatan ng Rate ng Pagtatapos ang bilang ng mga estudyanteng nakatanggap ng diploma sa pagtatapos ng baitang labing-dalawa, kabilang ang mga estudyanteng nakatanggap ng diploma alinsunod sa mga Seksyon 51225.31 at 51225.32 ng *Kodigo ng Edukasyon* ng California.

## Science

Sinusukat ng Tagapagpahiwatig ng Science kung ano ang alam at kayang gawin ng mga estudyante gamit ang mga Pamantayan sa Science ng Bagong Henerasyon ng California. Batay ito sa pagganap ng estudyante sa Pagsusulit sa Science ng California at sa CAA para sa Science sa baitang lima at walo at sa high school. Ang tagapagpahiwatig na ito ay hindi gagamitin para sa mga layunin ng pananagutan sa 2025 Dashboard at ipapakita lamang para sa layuning pang-impormasyon.

## Rate ng Suspensyon

Ipinapakita ng sukatan ng Rate ng Suspensyon ang porsyento ng mga estudyanteng nagkaroon ng kabuuang suspensyon na hindi bababa sa isang buong araw. Napapalampas ng mga estudyanteng nasuspinde mula sa paaralan ang mahahalagang tagubilin sa klase. Ang pagtatala ng impormasyong ito sa Dashboard ay nagbibigay-daan sa mga magulang at guro na malaman kung may problema sa suspensyon sa isang paaralan o sa buong distrito, at kung may ilang grupo ng estudyante na mas madalas masuspinde kaysa sa iba.

*Tandaan: Ang isang estudyante ay binibilang lamang isang beses sa rate ng suspensyon kahit pa siya ay nasuspinde ng maraming beses o sa maraming araw.*

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang CDE California School Dashboard and System of Support web page.

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

Agosto 2025